# PROLOGUE

"Damn!" yamot na sigaw ni Pamela. Sa sobrang inis ay ibinato niya ang hawak na mobile phone. Nakakailang tawag na siya kay Russel ngunit hindi nito sinasagot iyon.

Ilang araw nang hindi nagpapakita sa kanya ang lalaki. Ni hindi rin siya nito tinatawagan. Iniisip pa lamang niyang may kasama itong ibang babae ay parang sasabog na ang dibdib niya sa sobrang selos na nararamdaman. Lalo pa at tinapat na siya nito noong nakaraang linggo na talagang kaibigan lamang ang turing nito sa kanya.

Ngunit hindi siya makapapayag. Kahit kailan ay hindi pa siya nabigo. Walang lalaki ang hindi niya kayang paibigin. Siya na isa sa mga nagtataglay ng pinakamagagandang mukha sa buong mundo, hindi iibigin ni Russel?

Buong buhay niya ay wala siyang ibang hinangad kundi ang mahalin nito. At handa siyang gawin ang lahat upang maisakatuparan iyon.

Pinindot niya ang numero sa opisina ng kapatid nitong si Joel. Ang sekretarya ng binata ang

nakasagot.

"May I speak with Joel, please? Tell him it's very important!" aniya sa kabilang linya.

"I'm sorry, Ma'am, pero nasa meeting si Sir. Kung gusto ninyo ay—"

Hindi na hinayaan ni Pamela na patapusin ang mga sinasabi ng nasa kabilang linya. Galit na pinagbagsakan na niya ito ng telepono. Napatitig siya sa kanyang mobile phone na lasag na nagkalat sa sahig.

Natutukso na rin siyang ibato ang landline phone. Ano ba'ng silbi ng lahat ng iyon kung hindi rin naman niya makausap ang gusto niyang makausap?

Nagsindi siya ng isang stick ng sigarilyo. Madilim ang kanyang mukha. Napalingon siya nang maramdaman ang kapatid na si Pia na pababa ng hagdan.

"Pia, hindi ka ba tinatawagan ni Russel?" usisa niya.

Umiling ito.

"Where is Russel?" Gusto na niyang umiyak sa labis na inis. "Bakit ba hindi man lang niya ipinapaalam sa akin kung nasaan siya?"

"Baka may girlfriend na pinagkakaabalahan," sabi ni Pia na waring nais pang dagdagan ang galit na nadarama niya. "Kung bakit naman kasi masyado kang demanding sa oras niya, hindi mo naman siya boyfriend, hindi ba?"

"Shut up!" napipikong sigaw niya sa bunsong kapatid.

Nagkibit-balikat lang si Pia.

Tumayo siya. "Nasaan ba si Maricel para naman may matino akong makausap dito sa bahay?" aniyang paakyat na sana sa silid ng kinakapatid na si Maricel nang marinig niyang nagsalita ang maid nilang si Didith.

"Ma'am, wala po diyan si Maricel, hindi pa po siya umuuwi," mahinang sabi nito at itinigil ang pagpupunas ng sahig. "Dumating na po pala siya kaninang tanghali pero nakita kong umalis uli. S-sinundo siya ni Sir Russel," bantulot na salaysay nito sa kanya.

May nabuo kaagad na hinala sa kanyang dibdib. "Sigurado ka ba sa sinasabi mong iyan?"

"Ngayon lang ako naging sigurado sa mga kuwento ko," anito.

Nagmamadaling lumabas ng bahay si Pamela. Parang nahuhulaan na niya ang pupuntahan nina Russel at Maricel.

---

Iyak nang iyak si Pamela habang nagmamaneho palabas ng Maynila. Hindi pa man ay parang nakikinikinita na niya ang eksenang aabutan niya.

Noon pa man ay malakas na ang kutob niyang si Maricel ang babaeng gumugulo sa buhay ni Russel nitong mga huling araw. Kaya naman pala ang siglasigla nito tuwing makikita ang kanyang kinakapatid.

Ngayon ay alam na niya kung bakit mabigat ang loob niya kay Maricel. Dahil ito pala ang aagaw sa kanyang pinakamamahal na si Russel. Pero bakit? Ano ang mayroon si Maricel na wala siya?

Tanyag siyang commercial model, pinagkakaguluhan ng iba't-ibang mga kompanya upang maging product endorser nila. Anak-mayaman siya at may mataas na pinag-aralan. Samantalang ang Maricel na iyon, ano lamang ba ito? Kung hindi pa ito pinag-aral ng daddy niya, malamang ay nagtatanim pa rin ito o namamasukang katulong ngayon.

Dere-derecho si Pamela sa loob ng rest house ni

Russell. Ni hindi niya pinansin ang maid na nagulat sa biglang pagsulpot niya. Kilala na siya ng maid dahil ilang beses na siyang naipasyal sa bahay-bakasyunan na iyon ng lalaki.

Hindi niya makakalimutan ang sinabi ni Russel noon sa kanya. Sa bahay na ito ititira ng binata ang babaeng pakakasalan nito. At umaasa siyang siya ang babaeng iyon.

Mabilis na nilakad ni Pamela ang patungo sa silid ni Russel. Hindi naka-lock ang pinto niyon nang pihitin niya ang seradura. Huminga siya nang malalim saka iyon itinulak. Nagsikip ang kanyang dibdib sa eksenang tumambad sa kanya—kasalukuyang magkayakap sina Maricel at Russel habang nagahalikan.

"Damn you! How could you do this to me?" sigaw ni Pamela. Nanginginig sa galit ang buong katawan niya habang nakatitig siya kay Maricel. "You betrayed me! Matapos kang kupkupin at pag-aralin ni Daddy, ito pa ang igaganti mo sa akin?" Akmang sasabunutan niya ito ngunit mabilis siyang napigilan ni Russel.

"Wala kang karapatang pagsalitaan si Maricel nang ganyan dahil wala naman tayong relasyon. Siya ang mahal ko. Parang kapatid lang ang turing

ko sa iyo, Pamela."

Parang punyal iyon na tumarak sa kanyang dibdib. Tiningnan niya si Maricel. "Hinding-hindi kita mapapatawad sa ginawa mong ito!"

Napatungo si Maricel. "I'm sorry, Pamela. Hindi ko gustong saktan ka, pero mahal ko si Russel at—"

"I hate you," galit na sigaw ni Pamela saka nagmamadali na niyang tinalikuran ang mga ito. Baka mas naintindihan pa niya kung ibang babae ang ipinalit sa kanya ni Russel.

# 1

"Joel, hindi maaring mapakasal sina Russel at Maricel!" galit na galit na sabi ni Pamela nang pinuntahan niya ang binata. "Gumawa ka ng paraan para pigilan sila—"

"Pamela, bakit ba hindi mo matanggap na si Maricel ang mahal ng kapatid ko?" putol nito sa sasabihin pa niya.

"No way!"

Tinitigan siya ni Joel nang matiim. "Pamela, hindi lahat ng bagay ay maaari mong makuha. Hindi mo maaaring angkinin ang puso ng kapatid ko kung hindi naman ikaw ang mahal niya. Bakit ba hindi mo maintindihan iyon? O kailangan ko pang ipaalala sa iyo na hindi lang ikaw ang anak ng Diyos?" Pagkasabi niyon ay mabilis na siyang tinalikuran ng binata.

Naniningkit sa galit ang mga mata ni Pamela habang sinusundan ng tingin si Joel. Ramdam niyang lalo lamang nadadagdagan ang inis na nararamdaman niya rito. Napaiyak siya.

Noon lamang niya nilapitan si Joel para hingan

ng tulong at pinagkaitan pa siya nito.

"I hate you!" bigkas niya habang matalim na matalim ang tinging ipinukol dito. Mayamaya ay tila nanghihinang naupo siya sa isang sulok.

Paano ba niya pipigilan ang nalalapit na pagpapakasal ni Russel kay Maricel?

Mayamaya ay may naisip na ideya si Pamela. Nagmamadali siyang tumayo. Nakahanda siyang gawin ang lahat, mabalik lamang ang pagtingin sa kanya ni Russel.

---

"Mr. Danny Ravelis?"

Kunot-noong lumingon ang lalaki. Umaliwalas ang mukha nito nang makita siya.

"Miss Pamela Madrigal?" bulalas nito na waring hindi makapaniwalang siya ang kaharap.

Nagpasalamat si Pamela at nakita ang lalaki sa lobby ng building kung saan ito nagtatrabaho. Hindi na siya nagpaliguy-ligoy pa. "Sinubukan ko lang na makita ka rito. Gusto kitang makausap, pero hindi sana rito."

"Of course," anito saka igininiya ang dalaga sa

opisina nito.

Nang makapasok doon ay sinabi kaagad ni Pamela ang mga balak niya.

"Hindi naman mahirap ang hinihiling ko sa iyo, Danny. It's pretty obvious, mahal mo si Maricel. Sa palagay mo, kung hindi ka kikilos ay makukuha mo siya kay Russel? Isang linggo mula ngayon ay nakatakda na silang magpakasal."

Kababayan ni Danny si Maricel. Madalas niyang nakikitang pinupuntahan nito sa bahay ang kanyang kinakapatid at hindi lingid sa kanya na malaki ang gusto nito sa dalaga.

"Danny, kung talagang mahal mo si Maricel, kailangang ipaglaban mo siya. Huwag kang pumayag na basta na lamang maagaw siya ng iba sa iyo!"

Tumitig ito sa kanya. "Kaya ba nagkakaganyan ka? Gagawin mo ang lahat, huwag lang maagaw sa iyo si Russel?"

"Oo," direktang sagot niya.

Napailing si Danny. "Mahal ko si Maricel pero hindi ako magpapakahibang para lamang sa kanya. Don't get me wrong, Pamela, pero napakaganda mo para lamang maghabol sa isang lalaki."

"Hindi ko hinihingi ang opinion mo," inis na sabi niya. "Sayang lang ang oras ko sa iyo." Pagkatapos ay nagmamadali na niya itong iniwan.

Bakit ba lahat na lamang ng nilalapitan niya ay ayaw siyang tulungan?

Hindi pa rin susuko si Pamela. Kung ayaw siyang tulungan ng mga ito ay siya ang kikilos na mag-isa.

---

"Hija...."

Nilingon ni Pamela ang amang si Don Sebastian. "I'm tired, Dad," matamlay na sabi niya.

Ang totoo ay ayaw niya itong kausapin. Masama ang loob niya rito dahil hinayaan nito ang ginawa ni Maricel sa kanya. Alam ng kanyang daddy kung gaano niya kamahal si Russel.

"Alam kong masama ang loob mo sa akin dahil hinayaan kong mangyari ang—"

"Daddy, puwede bang sa ibang araw na lamang tayo mag-usap tungkol diyan?" sabi niya.

Napabuntong-hininga na lamang ang kanyang ama. Ngumiti siya rito nang pilit saka malungkot na nagtungo na sa kanyang silid.

Dumerecho si Pamela sa banyo para mag-shower. Habang nakatapat ang kanyang hubad na katawan sa dutsa ay nag-iisip siya. Tensyonado na siya. Isang linggo na lamang at magpapakasal na sina Maricel at Russel.

Hindi dapat matuloy ang kasalang iyon. Kailangang may gawin siya.

Bigla ay naisip niyang ang ex-girlfriend ni Russel na si Jehan. Kailangang makausap niya ito. Alam niyang gipit sa pera ang babaeng iyon. At ang taong gipit, kahit sa patalim ay kumakapit. Madali niya itong mapapayag sa kanyang naisip katumbas ng malaking halaga ng salapi.

Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Hinayaan niyang damhin ng bawat patak ng tubig ang kanyang mahubog na katawan. Isang plano ang nanuot sa kanyang isipan.

Pagkatapos mag-shower at kaagad na tinawagan ni Pamela si Jehan at nakipagkita rito.

"Gusto kong sabihin mo kay Russel na nagkaanak siya sa iyo at kailangang panagutan niya ang anak ninyo! Wala na tayong pag-uusapan pagdating sa pera," derechong utos ni Pamela.

Isang malutong na halakhak ang pinakawalan

ng babae. "Okay. Five hundred thousand pesos ang kailangan ko. Ako na ang bahala sa lahat," sabi nito.

"Walang problema," pinal na sabi ni Pamela. Kinuha niya ang checkbook sa bag saka binigay sa babae ang paunang bayad dito. "Makukuha mo ang balance pagkatapos mong magawa ang trabaho mo."

# 2

Ginising si Pamela ng malalakas na katok mula sa pinto ng kanyang silid.

Kinabahan siya. Naisip niya na baka si Russel iyon at nabisto na nito ang kalokohang ginawa niya. Bigla tuloy nawala ang antok niya at nahalinhan iyon ng takot. Nagdadalawang-isip tuloy siya kung bubuksan niya ang pinto o hindi.

Ngunit waring binabayo ang pinto sa lakas ng pagkatok doon. Napilitan tuloy siyang tumayo at buksan iyon. Laking gulat niya nang si Joel ang mabungaran niya. Ano ang ginagawa ng masungit na kapatid ni Russel at bakit tila galit na galit ito sa kanya?

"What—" Hindi pa natatapos ni Pamela ang sasabihin ay mabilis na nitong nadaklot ang braso niya. Madiin ang pagkakahawak nito kaya bahagya pa siyang napakurap.

"Hindi mo na ba talaga tatantanan ang kapatid ko?" matigas ang tonong tanong ni Joel.

Napalunok si Pamela.

"Bakit kailangang papuntahin mo pa doon ang ex-girlfriend niya para gumawa ng eskandalo? Gusto mo talagang masira ang relasyon ng kapatid ko kay Maricel, ano?"

Hindi siya nakaimik. Kung maaari nga lamang ay lumubog na siya mula sa kanyang kinatatayuan. Masasabunutan niya si Jehan sa kapalpakan nito.

"Tigilan mo na si Russel. Tanggapin mo nang hindi ikaw ang mahal niya. Masaya na siya ngayon sa piling ng kinakapatid mo. Hindi ka ba natutuwa na dahil kay Maricel, natutunan ni Russel na maging isang responsableng lalaki? Huwag mo nang pilitin pang bumalik na naman siya sa dati!"

"Gusto mo pang palabasin ngayon na ako ang bad influence sa kapatid mo?" sa wakas ay sagot ni Pamela. Nais niyang mapaiyak sa labis na sama ng loob ngunit hindi niya gagawin iyon sa harap ng mayabang na lalaking ito.

"Ikaw ang may sabi niyan, hindi ako." Inilapit nito ang mukha sa kanya saka tinitigan siya nang matiim. Titig na tila nanuot at sumagad hanggang sa kanyang mga buto. "At masaya akong hindi ikaw ang babaeng pakakasalan ng kapatid ko!"

Gusto niyang magwala sa galit. Lalo lamang

nadaragdagan ang pagkayamot niya rito. Masakit sa kanya ang mga binitiwan nitong salita. "Wala kang karapatang pagsalitaan ako ng ganyan, Joel. At sino ang nagbigay sa iyo ng pahintulot na basta na lamang pumasok dito sa bahay namin?"

"Binigyan ako ng karapatan ng daddy mo na pagsabihan ka. I'm warning you, Pamela. Kapag hindi mo tinigilan ang kung anu-anong kalokohang naiisip mo, ako ang makakalaban mo!"

"At sino'ng tinakot mo?" Sinalubong niya ang nakakamatay na tingin nito. Yamot niyang pinalis ang kamay nitong nakahawak sa braso niya. "Gagawin ko kung ano ang gusto ko at wala kang pakialam!" sigaw niya.

Nang-uuyam ang tinging pinakawalan nito. "Hindi ako magtataka kung bakit sa kabila ng kagandahang tinataglay mo ay hindi ka pa rin matutuhang mahalin ng kapatid ko. Talaga nga palang sarili mo lang ang iniisip mo. Kahit siguro sinong lalaki ay hindi makakatagal sa 'yo."

"Get out of here! Go away!" nanggagalaiti sa galit na sigaw niya. Daig pa niya ang sinaksak sa talim ng binitiwan nitong salita sa kanya.

Ano ba'ng karapatan ng lalaking ito na hamakin

ang pagkatao niya samantalang hindi naman siya nito nakikilala nang lubusan? Hindi siya masamang babae.

Nang makaalis si Joel ay nagmamadali na niyang isinara ang pinto. Nanghihinang napaupo siya. Isinubsob niya ang mukha sa kanyang mga palad saka umiyak nang umiyak.

---

Galit na galit si Pamela nang magkaharap na sila ni Jehan. Pinuntahan siya ng babae sa kanilang mansion.

"W-wala akong nagawa sa kapatid ni Russel. Matindi palang magalit iyon kaya napilitan akong aminin sa kanya ang totoo. Kung hindi'y pipilipitin raw niya ang leeg ko," paliwanag ni Jehan. "Kung gusto mo, ibabalik ko na sa iyo ang ibinayad mo."

"Dapat lang, dahil kung tutuusin, ipinahamak mo lang ako sa ginawa mong kapalpakan," mataray na sabi niya.

Pagkabalik sa kanya ng tseke ay umalis na rin ang babae.

Hindi alam ni Pamela na nakita pala iyon lahat ng kanyang ama. Malungkot na nilapitan siya nito.

"Anak," simula nito.

Nilingon ni Pamela ang kanyang daddy saka niya muling ibinaling ang pansin sa labas. Nakaupo siya sa sofa at mainit pa ang ulo niya sa ginawa ni Jehan. "Kung naparito kayo para pagalitan ako at pakiusapang kalimutan ko na lamang si Russel, I'm sorry, Dad, mabibigo lang kayo."

Napabuntong-hininga si Don Sebastian. Puno ng awa ang mga mata nito habang nakatingin sa kanya. "Ngayon ko pinagsisihang pinalaki kitang nasunod ang bawat naisin. Nasanay kang lahat ay nakukuha mo, pero gusto ko lang ipaalala sa iyo, Pamela, kahit na kailan ay hindi mo maaaring angkinin ang pusong hindi naman nakalaan para sa iyo. Hindi mo maaaring diktahan si Russel na mahalin ka kung talagang si Maricel ang mahal niya. Maaaring pinagtatakhan mo kung bakit si Maricel ang pinili niyang mahalin samantalang nasa iyo ang lahat ng bagay na maipagmamalaki. Pero may mga bagay na tanging puso lamang ang nakakaalam, hija. Hayaan mo na si Russel kay Maricel."

Hindi siya kumibo.

"Hija, darating din ang tamang lalaki para sa iyo. Iyong higit at mas deserving sa pagmamahal mo."

Hindi na napigilan ni Pamela ang lumuha. Naiinis na pinalis niya ang mga iyon saka padabog na tinungo ang kanyang silid. Malungkot na sinundan lamang siyang ng tingin ni Don Sebastian.

---

Mabilis na lumilipas ang mga araw ay hindi pa rin nakakaisip ng bagong paraan si Pamela para mapigilan ang pagpapakasal nina Maricel at Russel.

Sa kakaisip ay hindi niya namalayan na pumasok na pala ang kapatid niyang si Pia sa kanyang kuwarto.

Tiningnan niya ito saka napaismid. "Naalala mo pa rin pala ako. Akala ko sobrang busy mo na sa pakikipagtulungan sa ampon ni Daddy para sa nalalapit nilang kasal," himig nanunuyang sabi niya rito.

Nagtatampo siya rito dahil sa halip na siya ang panigan nito ay kay Maricel pa ito nakiayon. Nag-iisa niya itong kapatid at umaasa siyang maiintindihan siya nito ngunit binigo rin siya nito.

"A-Ate Pamela, nagpa-civil wedding na sina Ate Maricel at Russel," pagbabalita ni Pia.

Natigilan siya. Pakiramdam niya ay pinagbagsakan siya ng langit at lupa sa mga

sandaling iyon.

"Ate, nagkakamali ka kung iniisip mong mas kinakampihan ko si Ate Maricel kaysa sa iyo. Pero ano ba'ng magagawa natin kung nagmamahalan talaga sila?"

Sunud-sunod na pumatak ang kanyang mga luha. Sana ay lamunin na lamang siya ng lupa upang matapos na ang paghihirap ng kaloobang nadarama niya ngayon.

"Ate, move on and start a new life without Russel. Kapatid lang talaga ang turing niya sa iyo."

Umiling si Pamela.

Niyakap siya nito nang mahigpit. "Alam kong mga bata pa lamang kayo ay may pagtingin ka na sa kanya. Pero, Ate, wake up. You have a whole life ahead of you. Bakit kailangang sayangin mo iyon sa pagsunud-sunod sa kanila?"

Tiningnan niya ang kapatid. Hindi siya makapagsalita. Hindi niya alam kung matatanggap niya ang katotohanang nagpakasal na si Russel at kailanman ay hindi na niya ito maaangkin pa.

---

Nang mga sumunod na araw ay panay lang

pagmumukmok ni Pamela sa silid. Hindi rin muna siya tumanggap ng modelling assignments dahil hindi niya kaya pang magtrabaho.

Hindi niya alam ang kanyang gagawin. Paano ba niya tatanggapin ang katotohanang asawa na ni Russel si Maricel?

Nag-decide siyang lumabas. Hindi niya alam kung saan siya pupunta, pero ayaw na muna niyang magmukmok sa silid. Matapos maligo at magbihis ay lumabas na siya ng silid at tinungo ang kanyang kotse.

Hindi na naman niya napigilan ang luha habang nagmamaneho. Ilang taon niyang pinaniwala ang sarili na darating din ang araw at matutumbasan ni Russel ang pagmamahal na ipinakikita niya rito. Ngunit nagsusumigaw na ang katotohanan na anuman ang gawin niya ay hindi niya makukuha ang puso nito sapagkat may iba nang nagmamay-ari niyon.

Ang sakit.

Parang binibiyak at binubudburan ng maraming asin ang puso niya. Ganito pala ang pakiramdam ng umasa at mabigo.

Iyak siya nang iyak kung kaya hindi niya

namalayang nakarating na siya sa condominium kung saan may unit si Russel. Parang wala sa sariling bumaba siya sa kotse at nagtungo roon.

Hindi niya inaasahang si Joel ang magbubukas ng pinto sa kanya.

Para tuloy gusto niyang tumakbo pabalik sa kanyang kotse. Ang lalaking ito ang pinakahuling gusto niyang makita noong mga sandaling iyon!

"Nagulat ka bang hindi ang kapatid ko ang dinatnan mo rito?" sarkastikong tanong ni Joel. "Hindi pa ba niya nasabi sa iyo na ako na ang nagmamay-ari nito dahil ipinagbili na niya ito sa akin para magamit niya ang pinagbentahan sa sisimulan niyang negosyo? At hindi pa rin ba niya nasasabi sa iyo na pagkatapos ng kanilang kasal ay sa Batangas na sila maninirahan na mag-asawa?"

Napaawang ang mga labi ni Pamela. Ang alam niya ay hindi gustong manirahan ni Russel sa probinsya. Paanong nagbago ang isip nito? Ganoon na ba talaga nito kamahal si Maricel na iyon?

"Nakapagtataka, hindi ba? Binago ni Maricel ang buhay ng kapatid ko at nagpapasalamat ako sa malaking pagbabago na iyon. Nang dahil kay Maricel, nagkaroon ng direksyon ang buhay ni Russel."

Naningkit ang kanyang mga mata. Alam niyang may ibig sabihin iyon. "I doubt kung makatagal si Russel sa buhay-probinsya," siguradong sabi niya. "Kilala ko si Russel. Madali iyong mabagot sa tahimik na lugar."

"Iyan ang akala mo, pero mas kilala ko ang kapatid ko. Alam ko kung gaano niya kamahal si Maricel. At nakahanda siyang gawin ang lahat dahil sa pagmamahal niyang iyon."

Hindi malaman ni Pamela ang sasabihin. Parang tinarakan ng matalim na punyal ang kanyang dibdib. Bakit ba gustung-gusto ng lalaking ito na makitang nasasaktan siya?

Simula pa noong umpisa ng pagkakaibigan nila ni Russel ay alam na niyang hindi siya gusto ni Joel. Nararamdaman niya iyon. Alam niyang pilit nitong ginagawan ng paraan na iwasan siya ni Russel. Sa tuwing may okasyon sa pamilya ng mga ito ay palagi na lamang matabang ang pakikiharap nito sa kanya.

"You know what?" aniyang tiningnan ang lalaki mula ulo hanggang paa. "Noon ko pa pinagtatakhan kung bakit parang malaki ang galit mo sa akin. Hindi kaya bakla ka at kinaiinggitan mo ang ganda ko?" taas-kilay na tanong ni Pamela.

"Isipin mo ang gusto mong isipin. Isa lang ang masasabi ko, hindi ko pinapatulan ang mga babaeng wala sa sariling pag-iisip," walang kangiti-ngiting sabi ni Joel.

Napahumindig siya. "Ano'ng sinabi mo?"

"Ang s'abi ko, hindi ko pinapatulan ang mga babaeng kagaya mo kaya pagpapasensyahan ko na lang ang sinabi mo. Anyway, sigurado naman ako sa pagkatao ko kaya wala akong dapat na ipaliwanag sa iyo." Iyon lang at pinagsarhan na nito ng pinto ang dalaga.

# 3

Hindi na kailanman nakita pa ni Pamela si Russel. Matapos ikasal kay Maricel ay sa Batangas na namuhay ang mga ito.

Bawat araw ay naging napakahirap para kay Pamela.

"Ano ba'ng nakita mo kay Maricel? Bakit siya ang minahal mo?" parang nasisiraan ng bait na usal niya. Nasa loob siya ng kotse at hindi na naman niya alam kung saan siya pupunta.

Pinalo niya nang pinalo ang manibela ng kanyang kotse hanggang sa manakit ang kanyang mga palad. Hindi niya alam kung ano ang kanyang gagawin para maibsan ang sakit ng kalooban na nadarama niya.

Mayamaya ay natahimik si Pamela. Tiim ang kanyang mga bagang nang paharutin niya ang kanyang sasakyan. Pinahid niya ang luha. Gusto niyang makalimot kahit pansamantala lamang kung kaya sa isang bar siya tumuloy. Sa pinakasulok siya pumuwesto upang hindi siya gaanong makilala roon.

Umorder kaagad siya ng alak. Daig pa niya ang isang hayop na uhaw na uhaw nang mga sandaling iyon. Parang tubig na nagdaraan lamang sa lalamunan niya ang alak na iniinom niya. Ni hindi na niya malasahan ang pait niyon.

Kunsabagay, hindi kayang talunin ng alak ang pait ng pag-ibig na kinasapitan niya.

Langong-lango na siya nang maisipan niyang umuwi. Marahil ay dahil sa kalasingan ay napadpad siya sa condominium unit ni Joel.

---

"Pamela?" kunot-noong sabi ni Joel nang pagbukas niya ng pinto ay nakitang nakatayo sa labas ang dalaga. "Ano'ng ginagawa mo rito?"

Sa halip na sumagot ay isang matamis na ngiti ang pinakawalan ng dalaga habang namumungay ang mga matang nakatingin sa kanya. Mayamaya ay bigla na lamang itong nawalan ng malay. Mabuti na lamang ay nasalo niya ito.

Napabuntong-hininga si Joel nang malanghap ang amoy-alak na hininga ng babae.

"Ano ba'ng gagawin ko sa iyo?" natatarantang tanong niya. Binuhat niya ito at inihiga sa mahabang

sofa. "Bakit ba kailangan mong magkaganyan, Pamela?" daing niya nang matitigan ang maamong mukha nito.

Iniwan niya saglit ang dalaga para kumuha ng maligamgam na tubig at pinunasan ang mukha nito. Naiinis siya rito. Naiinis siya dahil alam niyang kaya ito naglasing ay dahil sa matinding depression na nararamdaman.

Hindi maipaliwanag ni Joel kung bakit ayaw niyang makita itong nagkakaganoon. Bakit kailangan nitong magpakahibang sa kanyang kapatid, gayong napakarami namang lalaki ang tiyak na magkakandarapa rito sa angkin nitong ganda at alindog?

Kung titingnan niya si Pamela ay malayo sa personalidad nito ang gumawa ng mga kung anu-anong bagay nang dahil lamang sa pag-ibig.

Nakita niyang gumalaw si Pamela. "Kiss me," mahinang sambit nito, ikinawit ang mga kamay sa leeg niya.

Napapitlag si Joel sa hindi inaasahang iginawi nito. Napalunok siya. Nakakatukso ang mga labi nito ngunit ayaw niyang pagsamantalahan ang kalasingan nito.

Inalis niya ang mga kamay nitong nakakapit sa kanyang leeg ngunit muli nitong inilapit ang katawan sa kanya.

"Kiss me," muling usal nito, nakapikit na ngayon ang mga mata nito.

Kahit malamig ay pinagpawisan siya bigla. Sino bang lalaki ang hindi matutukso sa angkin nitong kagandahan?

"Kiss me…"

Hindi malaman ni Joel kung ano ang kanyang gagawin. Para siyang namamagneto habang nakatitig dito. Unti-unti niyang dinampian ng halik ang mga labi nito hanggang sa tuluyan na siyang igupo ng kanyang kahinaan. Hindi siya santo para ipagsawalang-bahala ang babaeng ito.

Ginantihan din nito ang kanyang mga halik. Mainit na mainit iyon. Parang punong-puno ng pagmamahal.

Gumapang ang kanyang mga labi sa leeg nito pababa sa mga balikat. Ramdam na ramdam niya ang pag-iiba ng timpla ng ibabang bahagi ng kanyang katawan. Hindi na niya mapigilan ang pag-iinit.

Dinig niya ang mahinang pag-ungol ni Pamela

sa bawat halik na iginagawad niya sa makinis nitong balat. Gumapang ang kanyang maga kamay sa maselang bahagi ng katawan nito. Nang hindi na siya makatiis ay tuluyan na niya itong hinubaran.

Para pang natulala si Joel nang mahantad sa kanya ang magandang katawan ng dalaga. Hindi siya makapaniwalang may nabubuhay na ganito kagandang nilalang sa mundong ito.

Dinama niya ang mayaman nitong dibdib. "Beautiful," buong-paghangang sabi niya. Parang batang sabik na sabik sa laruang hinalikan niya ang mga iyon.

---

Hindi ganap na namamalayan ni Pamela ang nangyayaring iyon sa kanya. Basta ang alam niya, naliligayahan siya sa nakakakiliting sensasyong lumulukob sa kanya. Kung panaginip ang nadarama niyang ito, ayaw na muna niyang magising pa.

Damang-dama niya ang tila kuryenteng nanunuot sa bawat himaymay ng kanyang katawan dulot ng kiliting inihahatid sa kanya ng mainit na gumagapang sa kanya. Napakagat-labi pa siyang nang maramdaman ang pagpasok ng kung anong bagay sa maselang bahagi ng kanyang katawan.

Para siyang mababaliw na hindi niya maintindihan. Masakit na mahapdi ang nagaganap na iyon sa kanya.

Ngunit mas nanaig ang nakakakiliting sensasyon na idinudulot niyon.

Bigla ay para siyang nagising mula sa isang panaginip. Unti-unting nagkakalinaw sa kanya ang nangyayaring ito. Tuluyan na niyang iminulat ang kanyang mga mata.

"Joel!" gulat na sigaw niya. "No!"

Noon lamang niya natiyak na hindi panaginip ang nararamdaman niyang sensasyon.

Nakita niyang nataranta si Joel kung kaya mabilis itong umalis sa ibabaw niya. Nagmamadali siyang tumayo at hinablot ang nakita niyang t-shirt na nakakalat sa sahig upang itakip sa hubad niyang katawan.

"You raped me, you bastard!" magkahalong poot at takot na akusa ni Pamela.

Nakatingin lamang ang binata sa kanya. Waring gulung-gulo ang isipan nito at hindi malaman kung paano magpapaliwanag.

"I'll sue you for this at titiyakin kong magdurusa

ka sa bilangguan!" sigaw niya saka napaiyak. Hindi niya akalaing sa iglap lamang ay mawawala ang pinakaiingatan niyang pagkababae nang dahil lamang sa lalaking ito.

Kanina, buong akala niya ay si Russel ang kasiping niya.

---

"You've got it all wrong, Pamela," depensa ni Joel habang hawak ang mga balikat ng dalaga. "Kusa mong ipinagkaloob ang sarili mo sa akin. You seduced me!"

"Liar!"

"Nanahimik ako rito nang bigla ka na lamang dumating. Then, you asked me to kiss you!" aniya.

"Why should I do that?"

"I don't know, pero nagsasabi ako ng totoo. Sa palagay mo, paano kang napunta rito?"

Hindi makaimik si Pamela.

Puno ng guilt ang dibdib ni Joel habang minamasdan ang babae. Oo nga at inakit siya nito ngunit bakit niya hinayaang matangay ng panunukso nito gayong alam niyang wala ito sa tamang huwisyo

kanina dahil sa sobrang kalasingan.

Talagang kasalanan niya ang nangyari dahil pinagsamantalahan niya ang kahinaan nito.

"O-okay," aniyang sinuklay pa ng mga daliri ang buhok. "Nakahanda akong panagutan ang nangyaring ito sa atin."

Umiiling na umatras ito palayo sa kanya. "I hate you, Joel! I hate you!" sigaw ng dalaga saka nagmamadaling inayos ang sarili.

---

Nakalutang ang isipan ni Pamela habang tinatahak ang daan pauwi sa bahay niya. Sa rearview mirror ng kanyang sasakyan ay nakikita niyang sinusundan siya ng kotse ni Joel.

Kanina ay nagpupumilit itong ihatid siya pauwi dahil baka raw lasing pa siya ngunit isang malakas na sigaw lamang isinagot niya rito.

Hindi niya kailangan ng tulong ng lalaking kinapopootan niya.

Ni-rape siya nito at hindi niya iyon mapapatawad. Walang kabayaran ang kasalanang ginawa nito sa kanya at isinusumpa niya sa sarili na gaganti siya.

# 4

Nang nakarating sa bahay ay dumerecho kaagad sa banyo si Pamela. Pinilit niyang mabura ng tubig ang anumang bakas ni Joel sa kanyang katawan. Hindi siya makapaniwala sa nangyari. Pinagsamantalahan siya ni Joel. Pinagsamantalan siya ng lalaking kinapopootan niya.

Ngunit bakit kahit paulit-paulit na minumura ng utak niya si Joel ay para namang nanadya na hindi maalis sa utak niya ang mukha nito?

Hindi rin niya maipagkakailang nang mga sandaling hinahalikan siya nito ay nagugustuhan niya iyon. Hindi nga ba at ginantihan rin niya ito ng yakap at halik?

---

Parang tulala pa rin si Joel hanggang makabalik sa condo unit niya.

May karapatang magalit si Pamela sa kanya dahil pinagsamantalahan niya ang kalasingan nito. Napailing siya. Bakit nga ba niya nagawa iyon?

Hanggang ngayon ay hindi pa rin niya

mapaniwalang nawalan siya ng kontrol sa kanyang sarili. Parang hindi siya ang Joel na humahalik kay Pamela kanina. Pakiramdam niya ay sinaniban siya ng kung ano kanina at ngayon ay gusto niyang murahin ang sarili.

Nilingon niya ang mahabang sofa kung saan naganap ang pagtatalik nila ni Pamela. Nag-iwan ito ng mantsa roon pagpapatunay lamang na maling-mali ang unang pagkakilala niya rito. Hindi pala ito tulad ng modernang babae na inaakala niya. Sa estado nito at angking kagandahan ay napanatili pa rin nito ang pagkabirhen. Siya ang unang karanasan nito at wala pa ito sa sarili nang maganap iyon.

Ano ba itong nagawa niya?

Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Parang nakikita pa rin niya ang alindog ni Pamela sa mahabang sofa na iyon. Masisisi ba siya kung nadarang siya sa kagandahang iyon? Tao lamang siya at hindi siya bato para hindi tablan.

Ngunit anuman ang gawin niya, alam niyang kinapopootan siya ni Pamela.

---

Nakatitig sa kisame si Pamela habang nakahiga sa malambot niyang kama. Pakiramdam niya ay

kinuha nang lahat ni Joel ang buong pagkatao niya.

Oo nga't moderna at liberal siya ngunit hindi sa mga bagay na iyon. Pinakaingatan niya nang mahabang panahon ang kanyang pagkababae dahil gusto niyang ilaan iyon sa lalaking mapapangasawa niya. Sa isang iglap ay mawawala lang pala ang pinakaiingatan niya.

"Señorita," dinig niyang tawag ng maid nilang si Leonila sa labas ng kanyang silid.

"Pasok," halos paanas lamang na sabi niya.

Dahang-dahang bumukas ang pinto ng kanyang silid. Halata niya ang pag-aalinlangan sa mukha ng matabang katulong habang nakatingin sa kanya. "Ma'am, nasa ibaba po si Sir Calvin. Kapag hindi raw po ninyo siya hinarap ay—" Bago pa nito maipagpatuloy ang sasabihin ay nakapasok na si Calvin sa kanyang silid.

"Kumusta ka na, Pamela Madrigal?" taas-kilay na tanong sa kanya ng bakla niyang manager. "Wala ka na bang balak sumipot sa mga appointments mo? Nakakaloka ang mga pinaggagagawa mo, Pamela! Talaga bang gusto mo nang mawala ang career mo? Matagal nating pinaghirapan iyon para sirain mo lang!"

"Ibigay mo na lang sa ibang model ang mga projects na naka-line up para sa akin. I need a break," mahinang sabi niya.

Namilog ang mga mata nito. "Ano? Matapos kong magpakahirap para makuha ang mga projects na iyon para sa iyo?"

"I'm sorry, Calvin, pero wala akong gustong gawin ngayon kundi mahanap ang katahimikan. At hindi ko iyon magagawa kung hindi ako magpapakalayo-layo pansamantala. Please, intindihin mo naman ako," pakiusap niya.

Napabuntong-hininga na lamang ang kanyang manager sa kanya.

---

"Señorita Pamela, mabuti naman po at naisipan ninyong magbakasyon dito," masayang salubong ng katiwalang si Aling Gracia nang dumating siya sa bahay-bakasyunan nila sa Eastern Samar.

Isang tipid na ngiti ang itinugon niya sa matanda. Simple lamang ang rest house nilang iyon. Binata pa ang kanyang daddy nang maipatayo iyon.

Malalaki ang mga bintana kaya maaliwalas pagmasdan ang nasa labas. Ang terrace na yari sa

antigong kahoy at nakapalibot sa buong kabahayan.

Sa halip na sa ibang bansa sila nagbabakasyon ni Pia ay mas pinipili nila roon. Tahimik at mapayapa kasi ang lugar. Pakiramdam niya ay malapit siya sa kalikasan kapag naroroon siya.

Bumakas ang lungkot sa kanyang mukha. Ilang beses na rin niyang naisama roon si Russel. At napakarami nilang masasayang alaala rito. Gusto niyang umiyak. Pakiramdam niya ay pinagtatawanan siya ng buong mundo sa nangyaring ito ngayon sa kanya.

Napatiim-bagang siya. Hinding-hindi niya mapapatawad si Joel!

---

Napabalikwas mula sa kanyang hinihigaan si Joel. Hanggang sa kanyang panaginip ay ginugulo siya ng nangyari sa kanila ni Pamela.

Ano ba ang dapat niyang gawin?

Kanina sa kanyang panaginip ay nakita niya si Pamela na nagsusumamo sa kanya. Nakikiusap ngunit nagbingi-bingihan lamang daw siya sa mga daing nito. Mistula siyang isang hayop na noon lamang nakatikim ng pagkain.

Ito ba ang parusa ng Diyos sa kanya? Parang hindi na niya kayang matagalan pa.

Kailangang makausap niya si Pamela. Hindi siya matatahimik hangga't hindi sila nito nagkakaintindihan tungkol sa namagitan sa kanilang dalawa.

Alam niyang ipinagkakasumpa-sumpa na siya nito ngayon at hindi niya ito masisisi. Bumangon siya at naghanda na para maligo. Susundan niya si Pamela kung nasaan man ito ngayon.

Hindi maaaring ganito na lamang siya palagi. Itinapat niya ang hubad na katawan sa dutsa. Ngayong maayos na ang buhay ng kanyang kapatid, bakit parang ang buhay naman niya ang nagugulo?

Gusto tuloy niyang mainis kay Pamela. Ngayon ay buhay naman niya ang hindi natatahimik nang dahil dito.

Ngunit aminin man niya o hindi, mistula si Pamela na isang cancer cell na kumalat na sa kanyang buong pagkatao at hindi na niya alam kung paano ito susugpuin.

Simula nang gabing may mamagitan sa kanila, hindi na ito nawala pa sa kanyang isipan.

"Señorita Pamela, kanina pa kayo hindi kumakain," nag-aalalang sabi ni Aling Gracia habang nakatingin sa bote ng alak na hawak niya. "Hindi naman sa nakikialam ako sa iyo, hija, pero hindi ba masama ang alak kapag sobra sa katawan?"

"Don't worry, Manang, sanay na sanay na ako rito," namumungay ang mga matang sabi niya, ngumiti siya nang may pait sa mga labi. "This bottle of wine is my best friend, ito lang ang nakakaintindi sa akin ngayon. Tinutulungan niya akong makalimutan ang mga problema ko!"

"Señorita, hindi ko alam kung ano ang problemang pinagdaraanan mo ngayon, pero kung anuman iyon, hindi ang makakayang pawiin ng alak. Baka mas lalo lang maragdagan ang problema mo dahil diyan. Isa pa, baka magkasakit ka na sa ginagawa mong iyan."

"I don't care. Mas mabuti ngang mamatay na lang ako. Tutal, hindi naman ako naiintindihan ng lahat." Mapakla ang naging pagtawa niya. "Akala nilang lahat, selfish ako at spoiled brat na walang iniisip kundi ang sarili ko. Akala ba nila gusto ko ang nangyayaring ito sa akin?" Nagsimulang pumatak ang kanyang mga luha.

"Damn, kung alam ko lang kung saan ko matatagpuan ang kaligayahan, bibilhin ko iyon kahit magkano," puno ng himutok na hinaing niya.

"Señorita…."

"Iwanan n'yo na muna ako, Manang. Wala akong gusto kundi ang mapag-isa. Huwag kang mag-aalala, hindi nakakamatay ang isang bote ng alak."

"Hija…."

"Please?"

Wala itong nagawa kundi ang iwanan siya. nagsindi siya ng isang stick ng sigarilyo. Noon ay hindi niya nae-enjoy ang lasa niyon ngunit ngayon ay tila wala na siyang pakialam sa after taste na idinudulot niyon. Pakiramdam niya, sumama sa usok na ibinubuga niya ang problemang dinadala niya ngayon. Ito at ang alak ang mga kakampi niya ngayon.

Gusto niyang magwala sa matinding galit na nararamdaman. Mas matindi pa ang poot na nadarama niya para kay Joel dahil sa ginawa nito sa kanya kumpara sa galit na nararamdaman niya para kina Maricel at Russel.

Napahagulhol siya. Ilang araw na niyang pinag-iisipan kung magsasampa siya ng kaso laban kay Joel. Ngunit paano? Ni walang puwersang nangyari sa pagitan nilang dalawa. Lasing siya noon ngunit malinaw sa isipan niyang hindi siya pinilit ni Joel nang mangyari iyon. Kusa siyang nagpaubaya, lamang ay hindi malinaw sa isipan niya kung bakit. Marahil ay inakala niyang isa lamang iyong panaginip. Ngunit paano niya iyon ipapaliwanag sa korte? Isa pang puntos ni Joel, kusa siyang pumunta sa bahay nito at maraming makakapagpatunay niyon. Isa na ang security guard ng condominium.

At sa estado niyang ito, walang dudang kakalat iyon sa media. Gusto ba niyang pagpiyestahan ng mga tao ang nangyari sa kanya? At paano kung matalo siya sa kaso? Baka sa halip na katahimikan, mas lalo lamang magulo ang buhay niya.

Alam niyang nagsasabi ng totoo si Joel na hindi siya nito ni-rape ngunit totoo rin naman ang ibinibintang niya na pinagsamantalahan nito ang kalasingan niya at iyon ang labis niyang ikinagagalit dito.

Pakiramdan niya ay gumagapang pa rin magpahanggang ngayon ang maiinit nitong mga labi sa kanyang buong katawan. Damang-dama pa

rin niya ang matitipuno nitong bisig na nagkukulong sa kanya.

Parang hindi na niya kaya ang nanunuot na iyon sa kanyang isipan. Gusto niyang kilabutan.

Tumayo siya at lumabas ng bahay. Naglakad-lakad siya sa tabing-dagat.

Bahagya pa siyang nangaligkig nang dumampi sa kanyang balat ang malamig na simoy ng hangin. Inililipad niyon ang hanggang balikat niyang buhok.

Napakunot-noo siya nang may mamataan siyang isang pamilyar na lalaking papalapit sa kanya. Tila nanginig ang kanyang tuhod nang maalala kung sino ito.

Ano ang ginagawa ng lalaking kinapopootan niya sa islang ito?

Kailan ba siya nito titigilan?

"What are you doing here, Joel? Sinusundan mo ba ako, ha?" galit na tanong niya nang tuluyan na itong makalapit sa kanya. Alam nga pala ng pamilya nito na may bahay-bakasyunan sila sa Samar.

"Pamela, hindi ako matahimik. Gusto kong magkausap tayo."

"Dapat lang. Sa kasalanang ginawa mo sa akin, paulit-ulit ka talagang uusigin ng konsyensya mo, you pervert!"

"I didn't rape you! Ilang beses ko bang uulit-ulitin sa iyo iyon o gusto mong ipaalala ko pa sa iyo ang ginawa mong pang-aakit sa akin nang gabing iyon?"

"I had a belly full of whiskey, what do you expect?" iritadong sabi niya.

"Then why are you accusing me of raping you? Ikaw na rin ang may sabi na lasing ka!"

"Sinamantala mo ang kalasingan ko. You raped me!"

"Hindi kita ni-rape at kaya kong patunayan sa korte iyon. At alam kong alam mo kung ano ang ibig kong sabihin. You willingly surrendered yourself to me, baka nakakalimutan mo na iyon?"

Natahimik siya.

"Listen, Pamela, pag-uusapan natin ito. Pakakasalan kita, pananagutan ko ang nangyari sa atin."

"Hindi ako magpapakasal sa iyo," yamot na sabi niya. "I hate you. I hate you for making my life more

miserable!"

"Pamela…" Hinawakan nito ang magkabila niyang balikat. "Please listen to me."

Pumiksi siya. "Damn you! Why should I listen to you? Let go of me, pinandidirihan kita! Kinasusuklaman kita at ang kapatid mo! Pinagsisisihan kong nakilala ko pa kayong dalawa!" galit na galit na sabi ng dalaga saka mabilis nang tumakbo pabalik sa kanilang bahay.

---

"Señorita, katatawag lang po ni Don Sebastian. Tinawagan raw po niya kayo sa cellphone ninyo pero ayaw n'yo naman raw pong sagutin. Kinakumusta po kayo. Sabi ko'y naglalakad-lakad kayo sa tabing dagat," salubong sa kanya ni Aling Gracia.

Parang walang naririnig na nagtuloy-tuloy si Pamela sa kanyang kuwarto.

Isinubsob niya ang katawan sa malaking kama. Ito ba ang kapalit ng lahat ng karangyaang tinatamasa niya?

Mas nanaisin pa niyang lumaki na lamang siyang mahirap o ipinanganak siyang pangit, pero masaya naman. Hindi tulad ngayon. Nasa kanya na

raw ang lahat, sabi ng mga kaibigan niya. Totoo nga ba iyon?

Pag-ibig lamang naman ni Russel ang gusto niyang makamtan, ngunit bakit napakailap niyon sa kanya?

Iyak siya nang iyak hanggang sa makatulog siya.

Maaga siyang nagising kinaumagahan. Pagkatapos mag-agahan ay nagtungo na siya sa dagat para maligo.

---

Mula sa di-kalayuan ay tahimik na pinagmamasdan ni Joel si Pamela. Namumukod-tangi ito sa karamihan. Lutang na lutang ang kagandahan nito lalo na sa suot nitong asul na bathing suit.

Pinagtatakhan nga ni Joel kung bakit hindi ito inibig ng kanyang kapatid. Noon, ang buong akala niya ay may relasyon na ang mga ito. Kaya nga nagulat siya nang ianunsyo ni Russel na magpapakasal na ito kay Maricel.

He confronted his brother sa pag-aakalang niloko lamang nito si Pamela. Ngunit ipinagtapat nito sa kanya na kapatid lamang ang turing nito

kay Pamela at kailanman ay hindi ito nangako ng anumang bagay sa dalaga.

Para kay Russel, si Pamela ay isang kaibigan, isang kapatid na nakakapagpasaya at masarap kasama. Ngunit kay Maricel naramdaman ng kapatid niya ang pag-ibig na kailanman ay hindi nito nasumpungan sa ibang babae.

Mahirap ipaliwanag ngunit ganoon daw talaga ang pag-ibig. At maiintindihan lamang niya ito kapag natuto na rin siyang magmahal. Gusto nga niyang matawa. Mas matanda siya nang dalawang taon kay Russel ngunit tinuturuan siya nito ng tungkol sa pag-ibig.

Kunsabagay, thirty-two na siya ngayon ngunit hindi pa niya naranasang umibig. O totoo nga ba ang damdaming iyon o isang ilusyon lamang ng mga taong gustong tumakas sa realidad ng buhay?

Napabuntong-hininga si Joel habang pinagmamasdan pa rin si Pamela. Paano ba siya nito mapapatawad? Kahit yata manikluhod na siya rito ay wala pa rin itong planong kausapin siya. Kaya heto, hanggang tanaw na lamang siya rito.

Naiiling na pumasok si Joel sa isang bar. Naupo siya sa pinakasulok na mesa. Paano ba

niya makakausap nang maayos si Pamela nang hindi ito magwawala sa galit? Ngayon lamang siya nagkakaganito na parang nawawalan ng direksyon. Kung hindi sana siya nagpatangay sa tukso, hindi sana siya namomroblema ng ganito.

Ngunit dapat bang ibunton sa kanya ang lahat ng sisi?

Si Pamela ang lumapit sa kanya. Hindi niya ito pinilit sa namagitan sa kanilang dalawa. Masakit sa kanya ang ibinibintang nito ngunit mas masakit ang katotohanang si Russel ang nasa isip nito habang pinagsasaluhan nila ang sandaling iyon.

---

*Napasinghap si Pamela sa kiliting idinudulot ng maiinit na labi ni Joel na gumagapang sa kanyang buong katawan. Pumaling ang kanyang ulo pakaliwa at pakanan habang ang kanyang mga kamay ay humahaplos sa makinis nitong balat.*

*Walang pagtutol sa kanya, sa halip ay buong puso niyang ipinagkakaloob ang kanyang sarili kay Joel.*

*Nakagat niya ang pag-ibabang labi nang maramdaman niyang pinipilit nitong pag-isahin ang kanilang katawan. Hindi niya maipaliwanag ang sensasyong lumulukob sa kanya nang oras na iyon.*

*Buong puso, buong pagmamahal siyang nagpaubaya.*

*"Joel," daing niya habang niyayakap niya ito nang mahigpit.*

*At kung siya lamang ang masusunod ay ayaw na niyang matapos ang sandaling iyon.*

*"Joel…"*

Biglang nagising si Pamela. Ilang saglit siyang natulala habang nakatingin sa kisame. Napanaginipan niya si Joel. Parang wala sa sariling tumayo siya at tinitigan niya ang sarili sa salamin. Sa kanyang panaginip ay magkasiping sila ng lalaki.

Hindi siya makapaniwala roon.

Lumabas siya ng silid at nagtungo sa kusina upang kumuha ng isang basong tubig. Gusto niyang pagalitan ang sarili. Bakit sa dinami-dami ng lalaki ay ang taong iyon pa ang napanaginipan niya? At bakit ganoon pang eksena?

Gustong manginig ng kanyang mga kalamnan sa sobrang tensyong nararamdaman niya.

Huminga siya nang malalim saka nagpasyang lumabas ng bahay para maglakad sa aplaya.

Namumungay ang mga mata ni Joel dahil sa kalasingan. Pati paglalakad niya ay hindi na rin tuwid.

"Hi, handsome! Nag-iisa ka yata, gusto mo ba ng kasama?" malambing na tanong ng babaeng lumapit sa kanya.

"I'm sorry, Miss. Pero hindi ako sumasama sa taong hindi ko kilala," biro niya. Sa pagkahilo ay parang dalawa na ang tingin niya rito.

"My name is Marjorie. Siguro naman puwede mo na akong makasama, pogi?"

Isang malutong na tawa lamang ang tinugon niya.

"Masarap akong magmasahe," sabi pa nito. "At sinisiguro ko sa iyong mawawala ang kalasingan mo kapag nasubukan mo na ako." Pilya ang pagkakangiti nito habang nakatitig sa kanya.

"Pasensya na, Miss, wala akong pera, eh," aniyang bahagya pang napasinok. "Saka inaantok na ako. Wala akong gustong gawin ngayon kundi matulog." Iniwanan na niya ito. Kahit naman lasing siya ay hindi siya basta-basta pumapatol sa kung

sino lamang na babae.

---

Napaatras si Pamela nang mamataan niya si Joel. "Not again," daing niya.

Bakit ba parang kay liit ng mundo para sa kanilang dalawa?

Bahagya nangunot ang kanyang noo nang makita niyang hindi derecho ang paglalakad nito. Mula sa liwanag ng buwan at sa mga ilaw ng mga poste, tingin niya ay mas lalo itong naging makisig. Kahit naiinis siya rito, hindi niya maitatanggi na humahanga siya sa kagandahang-lalaki nito.

At napakaganda rin ng pangangatawan nito. Mistula itong isang Greek god sa hubog at porma ng katawan.

Napaismid siya.

SiJoelayisangklasengnilalangnamaikukumpara niya sa isang librong may magandang pabalat ngunit wala namang kuwenta ang nilalaman. Dahil wala itong puso. Alam niya iyon dahil noon pa niya naririnig sa mga babaeng nakakarelasyon nito na bato ang puso nito.

Naalala tuloy niya ang madalas na ikuwento sa

kanya ni Russel noon. Wala raw alam si Joel kundi ang magpayaman. Pulos negosyo lamang daw ang nasa isip nito.

Utak ang palaging pinagagana nito at hindi puso.

Kaya siguro hindi nito naiintindihan ang sakit ng kaloobang pinagdaraanan niya ngayon.

Tumakbo siya pabalik sa rest house. Ni anino ni Joel ay ayaw niyang makita pa.

---

Batid ni Joel na anuman ang gawin niya ay hindi na siya kakausapin pa ni Pamela dahil isinara na nito ang isipan para sa kanya, kung kaya nagpasya na lamang siyang bumalik ng Maynila.

Umaasa na lamang siyang darating din ang araw na mapatawad siya nito kahit na paano. Baka nga kailangan pa nito ng kaunting panahon.

Sa ngayon ay hindi na muna niya ito pipilitin pang makipag-usap sa kanya dahil useless lamang naman. Mas lalo lamang itong naiinis sa kakulitan niya.

Inihanda na niya ang kanyang mga gamit at nagpahatid na siya sa inarkila niyang jeep patungo

sa airport.

Marami na siyang trabahong napapapabayaan dahil sa pagsunod-sunod niya kay Pamela. Mabuti sana kung may pinatutunguhan ang effort na ginagawa niya.

Tingin niya ay mas lalo lamang siyang kinasusuklaman ni Pamela sa ginagawa niyang ito.

Ngunit bakit ba parang may kakaiba siyang nararamdaman habang paalis na siya sa lugar na iyon?

Sa pinakasulok ng dibdib niya ay may damdamin na waring gustong kumawala. At natatakot siyang baka dumating ang araw ay sumabog ang damdaming pilit niyang itinatago.

---

"Hija...."

"Dad, wala kayong dapat ipag-alala, okay naman ako dito," pilit na pinasisigla ni Pamela ang kanyang tinig habang kausap ang ama sa telepono.

Ayaw niyang maghinala ang ama na mas lalong lumala ang kanyang sitwasyon. Alam niyang makakaapekto sa kalusugan nito ang labis na pag-aalala sa kanya.

"Hija, bumalik ka na dito sa Manila. Marami nang mga kaibigan mo ang naghahanap sa iyo rito. Saka nami-miss na kita, anak. Kung hindi nga lamang bawal pa sa akin ang magbiyahe, baka sumunod ako sa iyo riyan."

"Dad, sa Tuesday ay uuwi na ako riyan. Saka gusto ko na ring bumalik sa pagtatrabaho dahil hindi naman ako sanay ng ganitong walang ginagawa, baka manaba lamang ako."

"Hija, gusto ko sanang malaman mo na mahal na mahal kita," anang kanyang ama sa kabilang linya.

Nangilid ang luha sa kanyang mga mata. Hindi na iyon kailangang sabihin ng kanyang daddy dahil nararamdaman naman niya iyon. Kung nagtampo man siya rito dahil wala itong ginawa para pigilan ang naganap na kasalan sa ampon nitong si Maricel at kay Russel ay wala na iyon ngayon sa kanya. Ano nga ba ang magagawa nito sa dalawang taong labis na nagmamahalan?

Kung siya nga ay walang nagawa para pigilan iyon, ang daddy pa kaya niya?

Pagdating ng Martes ay lumipad na siya pabalik ng Maynila. Hindi lang ang kanyang ama ang natuwa

sa kanyang pagbabalik, maging ang manager na si Calvin ay masayang-masaya.

"I'm glad you've finally gathered all your senses and realized kung gaano karaming commitments ang naghihintay sa iyo dito," nagpapaypay na sabi ng binabae kay Pamela. Nakataas pa ang isang kilay nito habang nakatingin sa kanya. "Pero dahil sa sumpong mong iyan, isang malaking project ang pinakawalan mo. We're talking about millions here!"

"Huwag kang mag-alala, kikitain ko pa rin naman iyon dahil magaling kang manager," nakangiting saad niya. "Promise, magiging masunurin na ako sa iyo ngayon. Gusto kong maging busy sa trabaho."

"Para makalimutan si Russel?"

Nagkibit-balikat siya. *Si Russel at ang demonyo niyang kapatid*, gusto sana niyang sabihin ngunit mas pinili na lamang niyang manahimik.